Mga Pagbabago sa Palitan ng Daan ng SR 525 at 35th Avenue West

Ang puna ng komunidad ay palagiang nagsasabi na ang palitan ng daan ng SR 99/SR 525 ay nakalilito at delikado para sa mga drayber, naglalakad, at nagbibisikleta. Bilang tugon, ang inirerekomendang konsepto ay:nagbibigay ng mga pasilidad para sa naglalakad at bisikleta sa buong palitan ng daan, muling iniaayos ang mga koneksyon ng rampa upang makasalubong ang SR 99 nang mas malapit sa 90 digri upang mapabagal ang bilis ng pagliko,nagdaragdag ng mga linya ng BAT, at nagdaragdag ng nakataas na mga tawiran na may rektanggular na mabilis na kumikislap na hudyat (rectangular rapid flashing beacons, RRFB) upang unahin ang mga naglalakad at nagbibisikleta. Maaabot ng mga drayber ang mga pataas na rampa ng SR 525 mula sa linya ng BAT.



Plan view ng palitan ng daan ng SR 99 at SR 525 na may mga rampa na muling inayos na tumutugma sa SR 99 sa halos sulok na tirik, idinagdag na linya ng pag-access sa negosyo at sasakyang pampubliko, idinagdag na mga daanan para sa paglalakad at pagbibisikleta, at nakataas na tawiran na may mga hudyat sa buong palitan ng daan.

Gusto naming marinig ang iyong opinyon

Nagbibigay ang online open house na ito ng impormasyon tungkol sa mahalagang pag-aaral ng Departamento ng Transportasyon ng Washington State (Washington State Department of Transportation, WSDOT) na nakatuon sa pagpapabuti para sa mga naglalakad, gumagamit ng wheelchair, at bumabiyahe sa pampublikong transportasyon. Ang State Route 99 Lynnwood at Unincorporated Snohomish County Pre-Design Study Area, o SR 99 Study Corridor, ay umaabot mula 212th Street Southwest hanggang Airport Road, na nakakaapekto sa Everett, Mukilteo, Lynnwood, Edmonds, Mountlake Terrace at Brier. Ipinapakita sa mapa ng proyekto sa ibaba ang SR 99 Study Corridor.Aabutin lang ng hanggang 5 minuto ang buong survey. Available ang online open house na ito hanggang Enero 20.

https://bit.ly/44mccCm

mangyaring makipag-ugnayan sa Amber Stanley
Amber.Stanley@Wsdot.WA.Gov | 206-817-8833

Americans with Disabilities Act (ADA) Information: Accommodation requests for people with disabilities can be made by contacting the WSDOT Diversity/ ADA Affairs team at wsdotada@wsdot.wa.gov or calling toll free, 855-362-4ADA (4232). Persons who are deaf or hard of hearing may make a request by calling the Washington State Relay at 711.
Title VI Statement to Public: It is the Washington State Department of Transportation's (WSDOT) policy to assure that no person shall, on the grounds if race, color, national origin or sex, as provided by Title VI of the Civil Rights Act of 1964, be excluded from participation in, be denied the benefits of, or be otherwise discriminated against under any of the programs and activities. Any person who believes his/her Title VI protection has been violated, may file a complaint with WSDOT's Office of Equal Opportunity (OEO). For additional information regarding Title VI complaint procedures and/or information regarding our non-discrimination obligations, please contact OEO's Title VI Coordinator at (360) 705-7090.

Page 4

WSDOT

SR 99

Ang Pag-aaral ng Paunang Disenyo sa SR 99 sa Lynnwood at sa bahagi ng Snohomish County

Bakit pinag-aaralan ng WSDOT (Washington State Department of Transportation) ang Ruta ng Estado 99 (State Route, SR) sa South Snohomish County?

Ang Pag-aaral ng Paunang Disenyo sa SR 99 sa Lynnwood at sa bahagi ng Snohomish County na hindi pa isinasama sa lungsod ay bumuo ng mga konsepto at opsyon para sa pagpapaganda. Layunin nitong palakasin ang kaligtasan at maginhawang pag-ugnay para sa mga naglalakad, nagbibisikleta, gumagamit ng gulong, at umaabot sa pampublikong sakay. Binigyang-priyoridad ng pag-aaral ang kaligtasan para sa lahat ng uri ng pagbiyahe at ang mga pangangailangan sa paggalaw ng mga populasyon na may katarungang pangkapaligiran, alinsunod sa patnubay ng Estado. Ang lugar ng pag-aaral ay umaabot sa kahabaan ng SR 99 mula 212th Street Southwest hanggang Airport Road. (Tingnan ang Mapa)

Ang proyektong ito ay kailangan upang:

- Gawing mas kumportable at hindi gaanong nakaka-istres ang paglalakad at pagbibisikleta
- Magbigay ng walang-putol na mga bangketa at pasilidad para sa bisikleta
- Magdagdag ng mas maraming kontrolado markadong tawiran
- Bawasan ang mga nakamamatay at malalalang aksidente
- Pagandahin ang pag-abot sa mapagkakatiwalaang sasakyang pampubliko
- Balansehin ang mga pangangailangan sa karga kasabay ng iba pang pangangailangan
- Suportahan ang abot-kaya at maayos na opsyon sa paglalakbay para sa lahat ng komunidad



Map of the SMapa ng Lugar ng Pag-aaral ng SR 99 na nagpapakita ng pasilyo mula sa Airport Road sa bahagi ng Snohomish County, na hindi pa sakop ng lungsod, hanggang sa 212th Street Southwest sa Lynnwood, kabilang ang mga hangganan ng hurisdiksyon at pangunahing mga kalye. R 99 Study Area from Airport Road in Everett to 212th Street in Lynnwood



Mga Pagbabago sa Patakaran

Ang WSDOT (Washington State Department of Transportation) ay nakipag-ugnayan sa mga lokal na ahensya sa isang Pangkatang Panggawaing Teknikal (Technical Working Group) at Ehekutibong Pangkat Tagapayo (Executive Advisory Group). Sama-sama, tinukoy ng WSDOT at ng mga kasosyong ahensya ang mga pagbabago sa patakaran na makatutulong tumugon sa mga pangangailangang tinukoy pagsusuri at puna ng komunidad. Nakatuon ang mga pagbabagong ito sa patakaran sa pagbawas ng bilis, pagliit ng mga sagupaan, pagpapatupad ng mga inirerekomendang mga konsepto para sa buong daanan at pagpapaganda sa mga piling mga lugar, at pagsiguro na magaganap ang mga pagpapaganda habang nangyayari ang pag-unlad.

Page 1

Piling Lugar na Aayusin

Tinutugunan ng pag-aayos sa mga piling lugar ang mga partikular na lokasyon na may mga puwang sa tawiran, sagupaan sa pagliko, o problema sa pag-abot sa pampublikong sakay. Upang maihatid ang mga pagpapaganda nang tuluy-tuloy, ang mga pag-aayos ay inorganisa sa apat na pangkat na maaaring ulitin. Bawat pangkat ng pag-aayos ay may maraming pagpapaganda. Apat na pangkat ng pag-aayos sa mga piling lugar ang inirerekomenda sa 37 lokasyon.

Pagpapaganda sa mga Ilaw Pantrapiko

Bagong Kontroladong Tawiran at mga Interseksyon

Kontroladong Tawiran sa Gitna ng Kalsada

Pagpapaganda sa mga Daanan at mga Interseksyon na walang Ilaw Pantrapiko